

Public Service Announcement

Magtatapos ang panahon ng nominasyon para sa 2026 Halalang Munisipal ng Vaughan sa Agosto 21

VAUGHAN, ON (Agosto 7, 2026) – Ang mga indibidwal na interesadong tumakbo para sa posisyon sa 2026 Halalang Munisipal ng Lungsod ng Vaughan ay may dalawang linggo na lang para magsumite ng kanilang mga nominasyon para sa mga posisyon sa Konseho o lokal na lupon ng paaralan.

Ang opisyal na panahon ng nominasyon ay magsasara sa **Biyernes, Agosto 21, 2 p.m.** Ang mga potensiyal na kandidato ay dapat magsumite ng kanilang mga form sa nominasyon bago ang deadline para sa isa sa mga sumusunod na posisyon:

Konseho ng Vaughan

- Mayor
- Konsehal ng Lokal at Rehiyonal (apat na ihahalal ng buong lungsod)
- Konsehal ng Ward 1 (Maple/Kleinburg)
- Konsehal ng Ward 2 (West Woodbridge)
- Konsehal ng Ward 3 (Woodbridge/Vellore)
- Konsehal ng Ward 4 (Concord/Thornhill North)
- Konsehal ng Ward 5 (Thornhill)

Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region

- Katiwala – Ward 1 ng King at Vaughan (ang Klerk ng Bayan ng King ang namamahala sa mga nominasyon para sa katungkulang ito)
- Katiwala – Ward 2 at 3 ng Vaughan
- Katiwala – Ward 4 at 5 ng Vaughan

Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Catholic

- Katiwala – Ward 1 ng Vaughan
- Katiwala – Ward 2 ng Vaughan
- Katiwala – Ward 3, 4, at 5 ng Vaughan dalawang ihahalal ng buong lungsod

Lupon ng Paaralan ng Viamonde

- Katiwala – York Region/Mga Tagapayo sa Paaralan - Région de York

Public Service Announcement

Lupon ng Paaralang Katoliko ng MonAvenir

- Katiwala – York Region/Mga Tagapayo sa Paaralan - Région de York

Maaaring isumite ng mga potensiyal na kandidato ang kanilang mga form ng nominasyon nang personal sa pamamagitan ng appointment sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod, na matatagpuan sa unang palapag ng Bulwagang Panlungsod ng Vaughan (2141 Major Mackenzie Dr.), sa loob ng opisyal na panahon ng nominasyon.

Tinatanggap lamang ang mga nominasyon sa pamamagitan appointment sa loob ng karaniwang oras ng pagtatrabaho, Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. Kinakailangang iiskedyul nang maaga ang mga appointment sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Elections Vaughan sa pamamagitan ng email sa elections@vaughan.ca o sa pamamagitan ng telepono sa 905-832-2281, ext. 6104.

Sa Araw ng Nominasyon, Biyernes, Agosto 21, tatanggapin ang mga nominasyon nang "first-come, first-served" sa pagitan ng 9:00 a.m. at 2:00 p.m. Hindi kinakailangan ng appointment.

Mapabilang sa listahan ng mga botante

Papalapit na ang Araw ng Halalan, at hinihikayat ang mga karapat-dapat na botante na kumpirmahin na nakasama sila sa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng pagbisita sa registertovoteon.ca.

Ang mga kuwalipikadong botante para sa mga halalang munisipal ay dapat na:

- mamamayan ng Canada at may edad na hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- residente ng munisipalidad; O
- hindi residente ngunit may pag-aari o umuupa ng ari-arian sa munisipalidad; O
- asawa ng may-ari o ng umuupa ng ari-arian sa munisipalidad

Mahahalagang petsa:

- **Biyernes, Oktubre 9 hanggang Linggo, Oktubre 18** – Pagboto nang maaga (online na pagboto)
- **Lunes, Oktubre 26** – Araw ng Pagboto

Hanapin ang lahat ng kailangan mong malaman tungkol sa 2026 Halalang Munisipal, kabilang ang pagiging karapat-dapat bilang botante, kung paano bumoto, mahahalagang petsa at nominasyon ng kandidato, sa pamamagitan ng pagbisita sa vaughan.ca/elections.

Public Service Announcement

Para sa mga update at balita sa oras na mangyari ang mga ito, mag-subscribe sa [Vaughan News](#) at i-follow ang mga opisyal na corporate channel sa [X](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#).

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

KONTAK NG MEDIA: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca